IJAMS
INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume IV, Issue 11 November 2024, eISSN: 2799-0664

# HEADLINES MATTER: ISANG DISKURSONG PAGSUSURI SA MGA TAYUTAY NA GINAMIT SA ULO NG MGA BALITA SA PAMAHAYAGANG PANGKAMPUS

**MARIEL M. ACOSTA, MAEd**
St. Mary's College of Tagum, Inc.
Magugpo East, National Highway, Tagum City, Philippines
https://orcid.org/0009-0003-1694-8242, mariel.acosta0314@gmail.com

**VICENTE A. PINES, PhD**
Sto. Tomas National High School
Sto. Tomas Davao del Norte, Philippines
https://orcid.org/0000-0002-6995-8829, vicente.pines@deped.gov.ph

**RAYMUND M. PASION, PhD**
Davao Oriental State University
City of Mati, Davao Oriental, Philippines
https://orcid.org/0000-0002-1841-0855, raymund.pasion@dorsu.edu.ph

## ABSTRAK

Ang pananaliksik na ito ay tungkol sa pagsusuri ng mga tayutay sa ulo ng mga balita sa pamahayagang pangkampus ng pansekundaryang paaralan, Sangay ng Lungsod ng Tagum, Davao del Norte. Layunin ng pag-aaral na mahimay at masuri ang mga tayutay na ginamit sa ulo ng mga balita sa pamahayagang pangkampus gamit ang teorya ni Kennedy (1979). Gayundin ang pagsusuri gamit ng ulo ng balita ayon sa balangkas na iminungkahi ni Fairclough (1992). Kwalitatibo at palarawan na pamamaraan ang ginamit sa paglalahad ng pananaliksik. Natuklasan sa pag-aaral na ang mga tayutay na ginamit sa ulo ng mga balita sa pamahayagang pangkampus ay nahati sa tatlong kategorya: (a) komparatib; (b) kontradiktib; at (c) korelatib. Ang komparatib ay kinapalooban ng metapora, personipikasyon, at simile. Samantala, ang kontradiktib ay binuo ng pagmamalabis at pag-uyam. Ang korelatib naman ay kakikitaan ng pagpapalit-tawag, pagpapalit-saklaw, elipsis, simbolismo, at alusyon. Natuklasan din sa pag-aaral na ginamit ang ulo ng balita bilang tuwirang pahayag, konotasyon, at denotasyon. Maituturing na tuwirang pahayag ang ulo ng balita kapag ito ay may istrukturang S-V-O. Ginamit naman ang ulo ng balita bilang konotasyon sa pamamagitan ng simbolismong paghahambing. Gayunman, ang ulo ng balita bilang denotasyon ay ginamitan ng mga salitang may literal na kahulugan. Makikita sa resulta ng pag-aaral na ang mga tayutay ay ginamit sa maraming paraan. Nagagamit ito sa dyornalistik na pagsulat tulad ng balita bukod sa malikhaing pagsulat. Epektibo ring ginamit ang tayutay sa pag-uulo ng balita dahil ito ay may impak sa atensyon at damdamin ng mga mambabasa. Pinapalawak ng tayutay ang abilidad ng mga mambabasa sa paglalarawan ng balita. Sa kabuoan, ang wastong paggamit ng tayutay sa ulo ng balita ay naghuhudyat ng pagiging epektibo at makabuluhan ng mga balita sa ating pang-araw-araw na pamumuhay.

***Mga Susing Salita - headlines matter, diskursong pagsusuri, tayutay, ulo ng mga balita, pamahayagang pangkampus***

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

## I. INTRODUKSYON

Ang kalayaan sa pamamahayag ay katumbas ng karapatan sa pagpapahayag ng sarili ng bawat Pilipino. Ang Saligang Batas 7079 o ang *Campus Journalism Act of 1991* ay naghuhubog sa mga batang mamamahayag na magkaroon ng kasanayan sa pagsusulat at pag-uulat ng balita tungo sa kaunlaran ng pamahayagang pangkampus. Bagaman maituturing na ang pamahayagang pangkampus ay hamon sa mga batang mamamahayag gayundin sa mga tagapayo ng pamamahayag. Ang pag-uulo ng balita ay isa sa mga kinahaharap na hamon ng pamahayagang pangkampus. Sa gawaing ito, gumagamit ang mga batang mamamahayag ng mga tayutay. Gayunman, ang tayutay ay hindi pamilyar sa mga mambabasa kaya maaari itong magdulot ng iba't ibang interpretasyon sa isang diksurso.

Sa Bangladesh, naging hamon sa mga batang mamamahayag ang pagsusulat ng ulo ng mga balita kapag sila ay nag-uulat sa paraang obhetibo at ayon sa estruktura ng pagsusulat ng balita (Hakim, 2023). Ang hamon sa pamahayagang pangkampus ay penomenolohikal sa mga bansang kabilang sa ASEAN. Natuklasan sa bansang Indonesia na 80% ng mga batang mamamahayag ang nahihirapan sa pagsulat ng balita dahil karamihan sa kanila ay nakararanas ng kakulangan sa paghahanap ng mga materyales sa pagsusulat ng balita (Wismanto & Asropah, 2023). Sa kabilang dako, natagpuang kakatawa at hamon sa bansang Espanya ang ibang ulo ng balita bunsod ng hindi magandang pagkasulat ng mga pahayag sa balita na may mahigit isang kahulugan (Vergara & Dominguez, 2022).

Samantalang sa Pilipinas, maituturing na hamon para sa mga batang mamamahayag na Pilipino ang wastong pag-uulo ng balita at pagpili ng wastong salita sa pagsulat ng balita (Flores & Uy, 2020). Kaugnay nito, natagpuang suliranin para sa mga batang mamamahayag sa Central Luzon ang kawalan ng interes mula sa mga mambabasa kaya nahahamon sila sa pagsusulat ng ulo ng balita (Dela Rosa et al., 2021).

Sa konteksto ng Davao de Oro, may mga hamong kinakaharap ang mga batang mamamahayag sa paaralang may *Special Program in Journalism* (SPJ) katulad ng presyur sa pag-abot sa istandard ng pagsusulat at kakulangan sa materyales sa pagsusulat (Balinas & Ibojo, 2023). Sa Dibisyon ng Tagum, Davao del Norte, karaniwang ginagamit ng mga batang mamamahayag ang tayutay sa pamahayagang pangkampus na nagdudulot ng maraming interpretasyon mula sa mga mambabasa. Bilang mga tagapayo ng pamamahayag, isa sa mga pangangailangang aming naoobserbahan ay ang pagkakaroon ng malawak na kaalaman sa pag-uulo ng balita at lingguwistika dahil batay sa aming karanasan, isang hamon ang pag-uulo ng balita sapagkat layunin nitong makuha ang atensyon ng mga mambabasa at mapanatili ang interes sa balita o artikulo.

Sa pagsusuri ng mga kaugnay na pananaliksik, maraming resulta hinggil sa pamahayagang pangkampus kagaya sa papel-pananaliksik nina Patrimonio at Machutes (2023). Ginalugad sa kanilang pag-aaral ang mga problemang nararanasan ng batang mamamahayag sa pag-uulo ng balita sa antas elementarya tulad ng hamon sa pagsulat ng wasto at malinaw na ulo ng balita gayundin sa paggamit ng *jargons* sa ulo ng balita. Gayundin sa papel-pananaliksik nina Sufa at Liusti (2022), nakapokus lamang sa pagsusuri sa mga tayutay ng balitang pampalakasan ang kanilang pag-aaral ngunit ang konteksto ay hindi sa pamahayagang pangkampus. Ang pag-aaral na ito ay naiiba sa mga naunang pananaliksik

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

sapagkat wala pang nagsusuri sa mga tayutay na ginamit sa ulo ng mga balita sa pamahayagang pangkampus. Gayunman, pinagsanib ang dalawang paksa ng mga naunang pananaliksik na maaaring hugutan ng pag-aaral kaya ang mga mananaliksik ay nagkaroon ng interes na imbestigahan ang mga tayutay sa ulo ng mga balita mula sa pamahayagang pangkampus ng mga piling pampublikong sekundaryang paaralan sa Dibisyon ng Tagum, Davao del Norte.

Mahalaga ang pagsusuri na ito dahil ang pamamahayag tulad ng wika, ay dinamiko; ito ay nagbabago kaya nararapat na matugunan ang pabago-bagong isyu sa pamahayagang pangkampus taon-taon lalo na sa pag-uulo ng balita. Ito ay makatutulong sa mga paaralang may pamahayagang pangkampus upang mabigyan ang mga batang mamamahayag ng mas pinalawak na kaalaman sa pagsusulat ng balita. Makatutulong din ang pag-aaral na ito sa mga tagapayo ng pamamahayag sa pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip at kasanayan ng mga batang mamamahayag sa pagsulat ng balita sa panahon *ng fake news, misleading news, misinformation,* at *disinformation.*

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Ang mga mananaliksik ay naniniwalang kapaki-pakinabang ang pag-aaral na ito sa mga **batang mamamahayag** sapagkat ang resulta ng pagsusuri ay maaaring magpaunlad ng kanilang kasanayan sa pagsusulat lalo na sa paggamit ng mga tayutay sa pagsulat ng ulo ng mga balita bilang isa sa mga epektibong pamamaraan sa pagpapahayag ng balita. Magagamit ito ng mga **tagapayo ng pamamahayag** sapagkat ang resulta ng papel na ito ay makatutulong sa kanilang pagtuturo sa wika lalo na sa larangan ng pamahayagang pangkampus at sa pagpapaunlad ng pag-iisip at kasanayan ng mga batang mamamahayag sa pagsulat ng balita sa panahon ng *media bias, fake news, misinformation,* at *disinformation.* Makapagbibigay din ito ng ambag sa mga **paaralang may pamahayagang pangkampus** sapagkat sa pagbisita ng kurikulum ay maaaring maging daan ang pananaliksik na ito upang ikonsidera ang malalim na pagsasanay sa mga batang mamamahayag upang matugunan ang pagbabagong nagaganap sa pamamahayag, ang interes ng batang mamamahayag, at tagapayo ng pamamahayag. Ang resulta ng pananaliksik na ito ay makatutulong din sa mga **mananaliksik sa hinaharap**, magsisilbing gabay ang pagsusuri na ito nang magkaroon pa ng pinalawak na saklaw ang pananaliksik. Maaari din itong pagbatayan ng iba pang pagsusuring iskolar na may kaugnayan sa paksang ito.

**Batayang Teoretikal**

Ang pag-aaral na ito ay nakaangkla sa teoryang figurative language ni Kennedy (1979; binanggit ni Atmaja 2022). Iminungkahi sa teoryang ito na ang tayutay ay nahahati sa tatlo: (a) komparatib*;* (b) kontradiktib*;* at (c) korelatib. Ang komparatibong uri ay binubuo ng personipikasyon, metapora, at simile. Ang kontradiktib na uri naman ay kinabibilangan ng pagmamalabis, pagtatanggi, paradoks, at pag-uyam. Sa ilalim ng korelatib ay ang pagpapalit-tawag, pagpapalit-saklaw, simbolismo, alusyon, at elipsis. Sa pananaliksik na ito, ginamit ang teorya ni Kennedy (1979) sa paghihimay ng mga tayutay sa ulo ng mga balita at ipinangkat ang mga ito ayon sa kategoryang komparatib, kontradiktib, at korelatib.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

**Batayang Konseptwal**

Sa konseptwal na batayan naman ay ginamit ang balangkas ni Fairclough (1992) na tinawag na discourse analysis. Ang discourse analysis ay ang pag-aaral ng wikang ginamit sa partikular na diskurso. Iginiit sa konseptong ito na may tatlong hakbang sa pagsusuri ng isang diskurso. Ito ay ang paglalarawan, pagbibigay-kahulugan, at pagpapaliwanag kung paano binigyang kahulugan ang wika sa partikular na diskurso. Sa pag-aaral na ito, susundin ang balangkas na mungkahi ni Fairclough (1992) sa pagsusuri ng tayutay na ginamit bilang direkta o tuwirang pahayag, konotasyon, o denotasyon. Samakatuwid, ang konsepto ni Fairclough (1992) ang magiging basehan upang masagot ang pangalawang tanong ng pag-aaral kung paano ginamit ang mga tayutay sa ulo ng mga balita.

**Mga Layunin**

Layunin ng pag-aaral na ito na mahimay at masuri ang mga tayutay na ginamit sa ulo ng mga balita sa pamahayagang pangkampus ng pansekundaryang paaralan, Sangay ng Lungsod ng Tagum, Davao del Norte. Upang magawa ito, ang mga sumusunod na katanungan ay sinikap na masagot:

1. Ano-anong uri ng tayutay ang matatagpuan sa mga ulo ng balita?
2. Paano ba ginamit ang ulo ng mga balita sa pamahayagang pangkampus?

## II. METODOLOHIYA

Kwalitatibo at palarawan na pamamaraan ang ginamit sa paglalahad ng pananaliksik na ito. Ginamit ang limampu't isang (51) korpora ng ulo ng mga balita mula sa mga pamahayagang pangkampus ng mga piling paaralang sekundarya sa Sangay ng Lungsod ng Tagum, Davao del Norte. Samantalang ang diskursong pagsusuri naman ay ginamit bilang pangkalahatang dulog sapagkat sinuri ang mga datos sa tulong ng teorya at konseptong pinagbatayan. Sa tulong ng dulog na ito, mauunawaan sa pag-aaral kung bakit ginagamit ang tayutay sa mga ulo ng balita na matatagpuan sa pamahayagang pangkampus sa mga naturang paaralan.

## III. RESULTA AT DISKUSYON

Sa **Talahanayan 1**, inilalahad ang tatlong klasipikasyon ng tayutay, ito ay (a) komparatib; (b) kontradiktib; at (c) korelatib. Ang komparatibong uri ay binubuo ng metapora, personipikasyon, at simile. Ang kontradiktib na uri naman ay kinabibilangan ng pagmamalabis at pag-uyam. Sa ilalim ng korelatib ay ang pagpapalit-tawag, pagpapalit-saklaw, simbolismo, alusyon, at elipsis.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 1. Mga Uri ng Tayutay na Ginamit sa Ulo ng mga Balita sa Pamahayagang Pangkampus**

| Uri ng Tayutay | Ulo ng Balita | Pagsusuri |
|---|---|---|
| **Komparatib-Metapora** | *GOLD BLOODED*<br>*Alberca itinakas ginto sa TCAA Meet Boxing Flyweight Division, naghari kay Anggalon by decision*<br>***K1BH1*** | Mapapansin ang *hammer* na ginamit sa ulo ng balita na kakitaan ng paggamit ng metapora. Inilalahad dito ang tuwirang paghahambing sa *Gold Blooded* bilang *hammer* na dugong nananalaytay sa isang boksingero na dugo na nito ang pagkapanalo. Ginamit ito sa balita upang higit na mailarawan bilang *hammer* upang susuporta sa *main headline* na pandiwang *itinakas* para sa isang gintong medalya. |
| | *CHESS WIZ*<br>*Lumangtad nagreyna sa Girls' Speed Blitz Chess, sinikwat tiket tungo DAVRAA*<br>***K2BH2*** | Sa pagsusuri ng pahayag, mapapansin ang paggamit ng tayutay sa koporang ito. Maituturing itong metapora dahil tuwirang inihahambing sa paggamit ng *hamme*r ang mala-*cheesy* na pagkapanalo ng batang manlalaro. Ginamit ito sa balita upang higit na pahalagahan ang matamis na tagumpay na nakamit ng batang atleta sa larong *chess*. |
| | *Inisyatibong People's survival fund ng gobyerno, salamin ng maayos na pamamahala*<br>***K3BH3*** | Mapapansin pa rin ang paggamit ng metapora sa ulo ng balita kung hihimayin ang datos. Ang inisyatibong *people' survival fund* ng gobyerno ay tuwirang inihahambing sa isang salamin. Ang salamin ay nagpapakita ng isang repleksyon ng isang bagay o tao. Sa kontekstong ito, ang salamin ay nagsilbing malinaw o maayos na repleksyon ng pamamahala ng mga politiko sa ating bansa sa pamamagitan ng inisyatibong *survival fund*. |
| | Ika-59 Bonifacio Day<br>BBM: Parangalan ang mga makabagong bayani<br>***K4BH4*** | Makikita pa rin ang tayutay na metapora sa ulo ng balitang ito sapagkat ang mga Pilipinong nag-aambag ng malasakit sa bansa para sa kapwa Pilipino tulad ng mga magsasaka, OFW, guro, negosyante, *agricultural workers*, at *frontliners* ay direktang inihahambing ni BBM sa mga makabagong bayani. Gayunman, sa kasalukuyang panahon ay kinikilala ang mga Pilipinong may malasakit sa bansa bilang makabagong bayani. |

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

| | | |
|---|---|---|
| **Komparatib-Personipikasyon** | *CALENDAR COMEBACK Dating 'academic calendar', itinutulak* ***K5BH5*** | Mapapansin ang *hammer* na ginamit sa ulo ng balita ay kakitaan ng paggamit ng personipikasyon. Kung susuriin, ang isang bagay tulad ng kalendar ay binigyan ng katangian ng tao tulad ng pagbabalik o *'come back'*. Sa realidad, ang tao lamang ay may kakayahang bumalik at hindi ang bagay. Sa datos na ito, ginawang tao ng batang mamamahayag ang *academic calendar*. |
| | *SWS umaray sa maraming Pilipinong nakaramdam ng involuntary hunger* ***K6BH6*** | Mapapansin pa ring ginamit sa ulo ng balita ang personipikasyon. Binigyan ng katangian ng tao ang *Social Weather Station* o SWS gaya ng pag-aray dahil nakababahala ang datos na maraming Pilipino ang nakaramdam ng *involuntary hunger*. Sa totoong pangyayari, ang tao lamang ang may kakayahang umaray. Gumamit ang manunulat ng tayutay na personipikasyon upang bigyang-katauhan ang SWS bilang bahagi ng malikhaing pagpapahayag ng balita. |
| | *Pagbabalik ng F2F classes suportado ng IATF* ***K7BH7*** | Makikita pa rin ang paggamit ng personipikasyon sa ulo ng balitang ito dahil kung susuriin ay binigyang-katauhan ang konseptong *F2F classes*. Sa realidad ng buhay, ang tao pa rin ang may kakayahahang bumalik. Gayunman, inilapat ang katangiang ito sa isang abstrak na konsepto upang maging malikhain sa pagpapahayag ng balita ang manunulat. |
| | *TCNCHS, ibinulsa ang unang panalo kontra TCNHS, 2-0* ***K8BH8*** | Sa datos na ito, ginamit ng batang mamamahayag ang personipikasyon sa pagsulat ng ulo ng balita. Kung susuriin ang pahayag, ang paaralang TCNCHS ay binigyan ng katauhan sa pamamagitan ng pagbubulsa ng kanilang panalo kontra sa paaralang TCNHS. Sa totoong buhay, ang tao lamang ang may kakayahang humawak sa bulsa ng damit. Kaya naman, ito ay personipikasyon dahil ibinulsa ng TCNCHS ang kanilang tagumpay kontra sa paaralang TCNHS. |
| | *JTJMNHS, ibinulsa ang panalo kontra TNTS* ***K9BH9*** | Katulad ng pagsusuri at pagpapaliwanag sa unang pahayag, makikita pa rin ang personipikasyon sa datos na ito dahil ang paaralang JTJMNHS ay binibigyang-katauhan na ibulsa ang kanilang panalo kontra sa paaralang TNTS. |

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

| | | |
|---|---|---|
| **Komparatib-Simile** | *Pangakong pagkakaisa ng UNITEAM, naglaho na parang bula* ***K10BH10*** | Matatagpuan sa ulo ng balita ang paggamit ng simile. Ginagamit ito upang hindi direktang ihambing ang dalawang magkaibang bagay. Sa kontekstong ito, ang pangakong pagkakaisa ng UNITEAM ay hindi direktang inihahambing sa bula sa pamamagitan ng ingklitik na *parang*. |
| **Kontradiktib-Pagmamalabis** | *ALAS PILIPINAS inararo ang AUSTRALIA sa AUC CUP 2024* ***K11BH11*** | Mapapansin sa ulo ng balita na ginamit ng mag-aaral ang tayutay na pagmamalabis sa pamamagitan ng pandiwang *inararo* na naglalahad ng sobra-sobrang paglalarawan sa pagkapanalo ng Alas Pilipinas kontra Australia. Ang pag-aararo ay ang pagbubungkal sa lupa. Kaya naman, ginamit ito sa balita upang labis na ilarawan ang sobrang kalamangan Pilipinas sa Australia. |
| | *Pandian pinagmanduhan Tagum City Premier, pinayuko Slashers sa Girls' Futsal* ***K12BH12*** | Makikita pa rin ang paggamit ng pagmamalabis na uri ng tayutay sa ulo ng balita sa pamamagitan ng pandiwang *pinayuko* na sobra-sobra ang paglalarawan sa pagkatalo ng Slashers kontra Pandian mula sa Tagum City Premier matapos nitong kumartada ng dalawang *goals* at panapos na sipa upang makuha ang tagumpay kontra sa *Slashers*. |
| | *PBBM nilustay ang mga katanungan sa isang international conference* ***K13BH13*** | Kakikitaan pa rin ng pagmamalabis ang ulo ng balita. Inilalarawan ang naging asal ni PBBM sa isang *international conference*. Ang paglustay ay ang pagwawaldas ng mga salapi sa wala, kaya ito ay ginamit sa asal na pinakita ni PBBM sa isang internasyunal na kumperensya na inaksayahan niya lamang ang katanungan para sa kaniya. |
| | *Alitan sa kongreso tinuldukan nina Zubiri, Romualdez* ***K14BH14*** | Makikita ang paggamit ng tayutay na pagmamalabis sa ulo ng balita sa pamamagitan ng pandiwang *tinuldukan.* Kung susuriin, ang tinuldukan ay isang eksaheradong pahayag dahil ito ay nagbabadya ng pagtatapos ng isang bagay o pangyayari na kailanman ay hindi na maaaring balikan. Sa kontekstong ito, ang ibig sabihin ng tinuldukan ay tinapos nina Zubiri at Romualdez ang alitan na nangyari sa Kongreso upang hindi |

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

| | | |
|---|---|---|
| | | na pag-usapang muli ang bagay na nagdulot ng hindi pagkakaunawaan. |
| | *Guro sa Cebu, sinibak sa panghihikayat sa estudyante na mag-suicide*<br>***K15BH15*** | Ang korporang ito ay ginamitan pa rin ng pagmamalabis. Kung susuriin, ginawang eksaherado ang pahayag sa pamamagitan ng pandiwang *sinibak*. Ang sinibak ay ang pagpipira-piraso ng kahoy na panggatong kaya ito ay sobra-sobra kung ilawaran ang tunay na nangyari sa isang guro na ang ibig sabihin lamang ay tinanggal sa katungkulan ang isang propesyunal dahil nanghikayat ito sa mag-aaral na magpakamatay. |
| | *Tanggal- Pangil*<br>*Guwardiya ng STNHS, sibak matapos nasangkot sa 'puslit yosi'*<br>***K16BH16*** | Mapapansin ang *hammer* na ginamit sa ulo ng balita na kakitaan ng paggamit ng pagmamalabis. Ito ay may kaugnayan sa pagsusuri at pagpapaliwanag sa sinundang halimbawa sa talahanayan. Ang *tanggal-pangil* ay sobra-sobra sa paglalarawan ng isang pangyayaring may kaugnayan sa isang guwardiya. Ginamit ito sa balita upang higit na ilarawan ang pagtanggal nito sa serbisyo matapos masangkot sa isang ilegal na gawain sa pamamagitan ng malikhaing paraan ng pagpapahayag. |
| | *Hagulhol ni Bato Dela Rosa, pinuna ni Sen Zubiri*<br>***K17BH17*** | Mapapansin pa rin ang paggamit ng tayutay na pagmamalabis sa ulo ng balita. Sa kontekstong ito, ginawang eksaherado ng batang mamamahayag ang salitang *hagulhol*. Ang hagulhol ay nangangahulugang malakas na pag-iyak o pananangis. Kung babalikan ang pahayag, ginamit ang hagulhol sa halip na hinaing ni Bato Dela Rosa lamang ang tinutukoy. |
| | *PI Proponents umusok ang ilong sa babala ni Sen. Villanueva, pagsisinungaling nito binigyang-diin ng senador*<br>***K18BH18*** | Kakikitaan pa rin sa ulo ng balita ang pagmamalabis na uri ng tayutay. Kung susuriin ang datos, ginamit ang pahayag na *umusok ang ilong* na ang ibig sabihin ay umalma ang *PI Proponents* sa babala ni Sen. Villanueva. Sa ganitong konteksto, gumamit ang manunulat ng sarili niyang idyomatikong pahayag sa paglalarawan ng reaksyon ng mga |

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Volume IV, Issue 11 November 2024, eISSN: 2799-0664

| | | |
|---|---|---|
| | | proponent ng PI tungkol sa pagsisinulanging ng mga ito ayon sa Senador. |
| | *PDEA, nilibing ang paratang ni FPRRD*<br>*PBBM, posibleng hindi kasama sa narco list*<br>***K19BH19*** | Mapapansin ang *kicker* na ginamit sa ulo ng balita na kakitaan ng paggamit ng pagmamalabis na uri ng tayutay. Ang salitang libing ay ang pagtatabon sa anumang bagay na inilagay sa hukay. Gayunman, ang *nilibing* ay sobra-sobra sa paglalarawan ng isang pangyayari. Ginamit ito sa balita upang higit na maipahayag ang hindi paglaan ng panahon ng PDEA tungkol sa paratang ni FPRRD na kasali si PBBM sa *narco list*. |
| **Kontradiktib-Pag-uyam** | *TAGAS SA BULSA*<br>*Taas-presyo sa petrolyo, naka-ambang*<br>***K20BH20*** | Mapapansin ang *hammer* na ginamit sa ulo ng balita ay kakitaan ng pag-uyam na uri ng tayutay. Kung susuriing mabuti, ang bulsa ay dapat na nilalagyan ng pera o barya subalit ang nangyayari ay kabaliktaran gaya ng nauubusan ito ng pera dahil sa patuloy na pagtaas ng presyo ng petrolyo. |
| | *AYUDA SCAM*<br>*DSWD, DOLE 'funds', binulsa ng mga politiko*<br>***K21BH21*** | Mapapansin pa rin ang paggamit ng manunulat ng pag-uyam sa *hammer* na susuporta sa *main headline* sa pandiwang *binulsa* para sa mga politiko. Kung susuriin, ang *scam* ay nakaaalarma at ang pandiwang *binulsa* pagdating sa usaping politiko. Ang ayuda ay dapat na masisilbing tulong subalit ginawang *scam* ng mga taong inaasahan ng mga mamamayan na magiging tapat sa kanilang paglilingkod sa kapwa Pilipino. |
| | *Pera na naging bato pa*<br>*Ayuda ng DSWD, DOLE nilustay ng mga nasa katungkulan*<br>***K22BH22*** | Katulad ng pagsusuri sa naunang korpora sa parehong talahanayan, makikitang ginamit pa rin sa ulo ng balita ang uri ng tayutay na pag-uyam. Ang "pera na naging bato pa" ay isang idyomatikong pahayag na sinulat ng batang mamamahayag. Ginamit ito upang higit na mailarawan ang pag-aaksaya ng ayuda sa pamamagitan ng paggamit ng pandiwang *nilustay*, na ang ibig sabihin ay inaksayahan lamang ng mga taong nasa katungkulan. |

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

| | | |
|---|---|---|
| | *MAY BUROL PA*<br>*Bohol LGU, kinuwestyon ng DENR*<br>***K23BH23*** | Ang ulo ng balita ay kakikitaan pa rin ng tayutay na pag-uyam o ironiya. Naging usapin ang balitang pagpapatayo ng isang resort sa lungsod ng Bohol kung saan matatagpuan ang Chocolate Hills. Kung susuriin, ang Chocolate Hills ay itinuturing na magandang tanawin sa Pilipinas subalit kinutya ito sa ulo ng balita dahil isang ironiya ang pagpapatayo ng isang resort sa porsyong lugar ng Chocolate Hills na protektado. |
| | *DIPLOMA SA PIITAN*<br>*50 CIW-ALS 'learners', magtatapos ng SHS*<br>***K24BH24*** | Maituturing pa rin itong pag-uyam dahil hindi hadlang ang kahirapan upang makuha ang inaasam-asam na diploma. Sa datos na ito, maraming nosyon tungkol sa kahirapan na walang maaabot ang isang tao kapag nanggaling ito sa mahirap na pamilya o kinalakihan. Subalit maaari din palang makapagtapos ng pag-aaral kahit walang pera sa pamamagitan ng tulong ng iba't ibang programang pang-edukasyon mula sa pamahalaan. |
| **Korelatib-Pagpapalit-tawag** | *123 agreement, nilagdaan na ng Estados Unidos*<br>***K25BH25*** | Makikita sa halimbawang ito ang pagpapalit-tawag na uri ng tayutay sa ulo ng balita. Ang pagpapalit-tawag ay ginagamit upang palitan ang katawagan o ngalan sa bagay na tinutukoy. Kung susuriin ang datos na ito, ginamit ng manunulat ang *Estados Unidos* bilang pamalit-tawag sa pangulo o kinatawan ng bansang US na si Pang. Biden na siyang lumagda sa 123 *agreement* sa pagitan ng Pilipinas at Estados Unidos. |
| | *Adbokasiyang Pangkabataan*<br>*KANLUNGAN SA PAG-UNAWA*<br>*DepEd isinusulong ang Catch-up Fridays para sa mga kabataaang hirap umunawa*<br>***K26BH26*** | Kakikitaan pa rin ng pagpapalit-tawag ang pahayag na ito. Kung susuriing maayos ang halimbawa, ang tinutukoy na DepEd sa ulo ng balita ay ang ang kalihim na si Bise Presidente Sara Duterte sa pagsulong ng programang *catch-up Fridays*. Sa halip na ilagay ang ngalan ni Duterte, pinalitan ito ng DepEd bilang bahagi ng masining na pagpapahayag ng balita na mapabibilang sa uring pagpapalit-tawag. |
| | *BAHAY PAG-ASA* | Mapapansin din na ang *main headline* ay gumamit ng DRMC bilang pamalit-tawag sa mga taong nagsisilbi sa Davao Regional Medical Center. Sila yaong mga doktor, nars, at iba |

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

Volume IV, Issue 11 November 2024, eISSN: 2799-0664

| | | |
|---|---|---|
| | *DRMC, katuwang laban sa Cancer*<br>***K27BH27*** | pang medikal na pratisyuner na katuwang sa paglaban o pagsugpo ng sakit na kanser. |
| | *Pangmamaliit sa mga atleta, tinutukan*<br>*Sports Specialist, 'Game Over'*<br>***K28BH28*** | Ang pagpapalit-tawag o metonimiya ay ginagamit upang palitan ang pangalan ng isang tao o bagay. Kung susuriin ang nilalaman ng ulo ng balitang ito, maituturing itong pagpapalit-tawag sapagkat pinalitan si Alyas Manoy ng katawagang *sports specialist*. Imbes na sabihing "Alyas Manoy, Game Over", ang tayutay ay ginamit sa pagsabing "Sports Specialist, Game Over". Ito ang sagisag na pamalit sa sinasagisag. |
| | *Tagalikha ng Kampeon: Pagsipol ni 'Coach' sa 'ASEAN Class Athletes'*<br>***K29BH29*** | Kagaya ng nasa itaas na halimbawa, ang korporang ito ay maituturing ding pagpapalit-tawag dahil ang pagsipol ay naghuhudyat ng paghuhulma. Ang paghuhulma ay ang paglalapat o paglalagay sa wastong hugis, any, o sukat; pagmomolde (KWF Diksyunaryo). Sa korporang ito, ang pagsipol ay ginamit ng manunulat bilang pamalit-tawag sa paghuhulma ng tagapagsanay sa kaniyang mga atleta. |
| **Korelatib-Pagpapalit-saklaw** | *Tuluyang iniwagayway ng CNN PH ang kanilang kamay sa publiko*<br>***K30BH30*** | Maoobserbahan naman ang paggamit ng manunulat ng pagpapalit-saklaw sa ulo ng balita. Ito ay salungat sa pagpapalit-tawag dahil ang ispesipikong bahagi ang ginamit na pamalit-tawag mula sa kabuoan. Kung susuriin, ang *kamay* ay kumakatawan sa bahagi lamang na ang ibig sabihin ay ang mga karapatan at kalayaan ng mga mamamahayag ng CNN PH. |
| | *BALIKAT-SA-BALIKAT*<br>*US Gov't full support, ibibigay sa Pinas*<br>***K31BH31*** | Mapapansin ang *hammer* na ginamit ng manunulat sa ulo ng balita ay kakikitaan ng paggamit ng uring pagpapalit-saklaw. Ang *balikat-sa-balikat* ay ang palatandaan ng suporta ng pamahalaang US sa Pilipinas. Ibig sabihin, ginamit ang ispesipikong bahagi−ang balikat na humahalili sa suporta ng pamahalaang US tungo sa ating bansa. |

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

| | | |
|---|---|---|
| **Korelatib- Elipsis** | *Hustisyang Sigaw… Katarungang-hiling ng mga kaanak, kaklase ng 'rape victim' ng guro, naipagkaloob* ***K32BH32*** | Ito ay elipsis dahil kahit tinanggal pa man ang ibang pahayag, nauunawaan pa rin ito ng mga mambabasa ang isinisigaw ng mga kaanak ng biktima sa *rape*. |
| | *TITSER, 'WAG PO… 'Indecent proposals' ng 'child predator' teacher, ikinabahala* ***K33BH33*** | Ito rin ay ginamitan ng elipsis na uri ng tayutay dahil naiintindihan pa rin sa pahayag na sumisigaw ang biktima ng hustisya laban sa gurong nagtangkang galawin ang biktima. Ito ay bahagi ng pagkamalikhain sa pagpapahayag ng ulo ng balita. |
| | *POSI-TB Pagtaas ng TB cases, ikinaalarma* ***K34BH34*** | Sa kabilang banda, ginamit ang elipsis sa kakaibang paraan pagdating sa halimbawang ito. Pinaikli ang salitang positibo at naging POSI-TB Gayunman, kahit tinanggal ang mga ponemang /i/ at /o/, nauunawaan pa rin ito ng mambabasa na ang positibong kaso ng TB ay tumataas at ang paggamit ng POSI-TB ay bahagi lamang sa masining na pagsulat ng ulo ng balita. |
| **Korelatib- Alusyon** | *Lydia De Vega ng DavNor: Bubulusok patungong Vietnam* ***K35BH35*** | Ang ulo ng balita ay ginamitan ng alusyon dahil ang atleta ay itinuturing na dakilang manlalaro ng Davao del Norte. Iniuugnay ng manunuat ang batang atleta kay Lydia De Vega na kilala bilang pinakamabilis na atleta sa larangang *track and field* noong dekada 80. |
| **Korelatib- Simbolismo** | *'The Flash' ng STNHS, nagging inspirasyon ng mga batang atleta* ***K36BH36*** | Ito ay simbolismo dahil ang paglalarawan ng manlalaro bilang 'The Flash' ay naging inspirasyon ng mga batang atleta. Sa pamamagitan din ng kaniyang lakas at tagumpay, naging tiket niya ito upang makakuha ng iskolarsyip sa mga tanyag na unibersidad sa Maynila. |
| | *Padyak sa Makitid na Karera ng Buhay ng Isang Cyclist* ***K37BH37*** | Ito rin ay maituturing na isang simbolismo sapagkat ang bawat padyak sa makitid na karera ay kumakatawan sa lahat ng pagsisikap at paghihirap mula sa pagsasanay ng isang *cyclist* upang maunang dumating sa *finish line.* |

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

| | | |
|---|---|---|
| | | |
| | *'Flexible Coach'*<br>*Kumpas sa melodiya ng Rhythmic Gymnastic*<br>***K38BH38*** | Sa halimbawang ito, ang kumpas sa melodiya ay maituturing na simbolo ng fleksibilidad sapagkat kumakatawan ito sa ideyang naiibsan pa rin ang kaniyang pagod sa bawat sandaling masilayan niya ang mga atletang nagpupursigi sa kanilang pagsasanay sa larangan ng *gymnastics.* |
| | *TAGAS NG TINTA*<br>*CJs napa-'aray' sa pending workloads'*<br>***K39BH39*** | Kung susuriin ang pahayag na ito, ang tagas ng tinta ay sumisimbolo sa pagsulat na may kahulugan ding nakaabang na mga gawain sa paaralan matapos ipaglaban ng mga batang mamamahayag ang karangalan ng mga paaralan sa *press conferences.* |
| | *Pundidong Kaalaman*<br>*Palaging brownout ng Tagum City, banta sa kalidad ng Edukasyon*<br>***K40BH40*** | Ito naman ay naglalarawan ng simbolismo sapagkat ang pundidong kaalaman ay naghuhudyat ng kadiliman. Dahil sa palagiang *brownout*, ito ay nakaaapekto sa pag-aaral ng mga kabataan maging sa pagtuturo ng mga guro sa konteksto ng onlayn na klase. Gayunman, ang palagiang *brownout* ay maaaring maging balakid sa kalidad ng edukasyon. |

Samantalang ipinaliliwanag naman sa **Talahanayan 2** ang tatlong klasipikasyon ng gamit ng ulo ng balita sa pamahayagang pangkampus. Ito ay (a) tuwirang pahayag; (b) konotasyon; at (c) denotasyon. Ang tuwirang pahayag ay ang paggamit ng estrukturang S-V-O o di kaya ay ang direktang pagsipi. Ang konotasyon ay ginamitan ng sariling pagpapakahulugan at ang denotasyon naman ay ang paggamit ng literal na kahulugan.

**Talanahayan 2. Ang Gamit ng Ulo ng Balita sa Pamahayagang Pangkampus**

| Gamit ng Ulo ng Balita | Ulo ng Balita | Pagsusuri |
|---|---|---|
| **Tuwirang Pahayag** | *PCG, BFAR patuloy sa ronda sa WPS*<br>***K41BH41*** | Sa halimbawang ito, ang paksa (S) ay ang PCG at BFAR, ang pandiwa (V) naman ay patuloy at ang kaganapan ng pandiwa (O) |

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

| | | |
|---|---|---|
| | | ay sa ronda sa WPS o *West Philipiine Sea* kaya ito ay maituturing na tuwirang pahayag. |
| | *PAGASA: Mainit na panahon, titindi pa* **K42BH42** *PHIVOLCS: Mayon, walang violent eruptions* **K43BH43** | Kung susuriin ang K43BH43 at K43BH43, ginamit ang mga direktang pahayag mula sa PAGASA at PHIVOLCS. Ibig sabihin, tuwirang inilahad sa K42BH42 na ayon sa PAGASA, ang mainit na panahong nararanasan ngayon ng mga Pilipino ay titindi pa. Gayundin sa PHIVOLCS na nagpapabatid sa mga Pilipino na walang inaasahang bayolenteng reaksyon mula sa bulkang Mayon. |
| | *LFNHS, nagpakitang gilas sa pagbubukas ng 2024 City Meet Mens Doubles Badminton Preliminaries* **K44BH44** | Gayundin sa K44BH44, ang LFNHS ang paksa (S), ang pandiwa (V) ay nagpakitang-gilas, at ang layon ng pandiwa (O) ay ang pagbubukas ng *2024 City Meet Mens Doubles Badminton Preliminaries.* |
| | *Pagbabalik ng F2F classes suportado ng IATF* **K7BH7** | Sa ganitong estruktura, ang F2F *classes* ang paksa at hindi na nangangailangan ng masinsinang pagbabasa sa ulo ng balita dahil sa direktang pandiwang ginamit ng manunulat na tuwirang inihayag na suportado ng IATF ang pagbabalik ng F2F *classes.* |
| | *Orphans sa Marawi, tutulungan ng DWSD* **K45BH45** | Pansinin din ang K45BH45 na Tuwirang inihayag sa balita na tutulungan ng DSWD ang mga *orphans* sa Marawi. Sa ganitong estruktura, madali lamang itong maintindihan ng mga mambabasa kaya ito ay maituturing na tuwirang pahayag. |
| | *Sevilles (DRBCES), Ancon (SMC), namayani sa Badminton Singles* **K46BH46** | Ang simuno (S) sa pahayag na ito ay sina Sevilles ng DRBCES at Ancon ng SMC at ito ay isang halimbawa ng direktang pahayag batay sa estruktura nito. |

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

| | | |
|---|---|---|
| | *Pari at Obispo, nagkaalitan sa simbahan*<br>***K47BH47*** | Kung susuriin ang K47BH47, ito ay tuwirang pahayag sapagkat ang simuno (S) rito ay ang pari at Obispo na sinundan ng pandiwang (V) nagkaalitan at ang kaganapan ng pandiwa (O) ay sa simbahan. |
| **Konotasyon** | *PI Proponents umusok ang ilong sa babala ni Sen. Villanueva, pagsisinungaling nito binigyang-diin ng senador*<br>***K18BH18*** | Sa pahayag na ito, may sariling pagpapakahulugan ang manunulat sa pamamagitan ng paggamit ng idyomang *umusok ang ilong* na ang ibig sabihin din ay umalma ang mga proponent ng PI sa babala ni Sen. Villanueva. |
| | *Pera na naging bato pa*<br>*Ayuda ng DSWD, DOLE nilustay ng mga nasa katungkulan*<br>***K22BH22*** | Gumamit din ang K22BH22 ng idyomang *pera na nagging bato pa* upang ilarawan ang nasayang na pera para sa mga mamamayang Pilipino. Ito ay dapat silbing tulong ngunit pinag-aksayahan ito ng mga nasa katungkulan. |
| | *DIPLOMA SA PIITAN*<br>*50 CIW-ALS 'learners', magtatapos ng SHS*<br>***K24BH24*** | Mapapansin na sa K24BH24 ay kakikitaan din ng idyomang *diploma sa piitan* upang ilarawan ang tagumpay na nakamit sa edukasyon sa likod ng kahirapan sa buhay ng mga mag-aaral. Nakakapukaw ng atensyon ang idyomang ginamit sapagkat ito ay nagbibigay ng imahen sa mga mambabasa na hindi hadlang ang kahirapan sa pag-unlad. |
| | *BAHAY PAG-ASA*<br>*DRMC, katuwang laban sa Cancer*<br>***K27BH27*** | Maoobserbahan naman sa K27BH27 ang pahayag na *Bahay Pag-asa* upang ilarawan ang DRMC bilang tahanan ng pag-asa sa pagsugpo ng sakit na kanser. Sa kontekstong ito, may sariling pagpapakahulugan ang manunulat sa paglarawan ng mga doktor, nars, at iba pang medikal na praktisyuner bilang hudyat ng tahanan ng pag-asa. |
| | *Pundidong Kaalaman*<br>*Palagiang brownout sa Tagum City, banta sa kalidad ng Edukasyon*<br>***K40BH40*** | Ginamit bilang konotasyon ang pundidong kaalaman. Ibig sabihin, ito ay sumisimbolo sa kadiliman na nagiging balakid sa paglipat ng kaalaman. Ginamit ito ng batang mamamahayag bilang *hammer* upang mapukaw ang atensyon ng mambabasa. Gayunman, sa pamamagitan ng simbolismong ito, mailalarawan ang palagiang *brownout* bilang pundidong kaalaman na naging banta sa kalidad ng edukasyon. |

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

| | | |
|---|---|---|
| **Denotasyon** | *Panawagang itigil na ang hidwaang PBBM vs FPRRD, sinisigaw ngayon ni Ex. Sen Honasan*<br>***K48BH4*** | Kung susuriin ang K48BH48, ito ay walang tayutay bagkus ay may denotasyong pagpapakahulugan tulad ng sinisigaw. Ayon sa diksyunaryo ng KWF, ang sigaw ay "malakas na tawag". Sa konteksto ng balita, walang nababago na kahulugan sa salitang sigaw. Ito ay tumutukoy sa panawagan ng Ex. Sen na si Honasan na itigil na ang hidwaang PBBM vs FPRRD. |
| | *Tiktok app, binasura ng bansang Nepal*<br>***K49BH49*** | Kung susuriin din ang K49BH49, ito ay kakikitaan ng denotasyong pagpapakahulugan ng binasura. Ayon pa rin sa KWF Diksyunaryo, ang basura ay "anumang nagkalat saanman na pawang hindi maganda sa paningin at sa kalikasan". Sa konteksto ng balita, walang nababago na kahulugan sa salitang basura. Literal na binasura ng gobyerno ng Nepal ang paggamit ng *Tiktok app* dahil itinuturing ito sa kanila bilang hindi magandang impluwensiya sa mga mamamayan ng Nepal. |
| | *BACK TO BACK*<br>*Caraga, Davao Region, namataan ng bagong LPA*<br>***K50BH50*** | Natuklasang gumamit pa rin ang mga batang mamamahayag ng denotasyong pagpapakahulugan sa pag-uulo ng balita. Ang namataan ay nangangahulugang nakita o natagpuan. Sa kontekstong ito, natagpuan sa Caraga, Davao Region ang bagong LPA na maaaring maging bagyo. Gayunman, walang pagbabago ng kahulugan ang mga salita sa K50BH50. |
| | *Maharlika fund, aprubado ng Senado*<br>***K51BH51*** | Matutuklasan pa rin sa K51BH51 ang denotasyong pagpapakahulugan sa balita. Ang *Maharlika fund* ay isang *sovereign wealth fund* para sa Pilipinas na pinamamahalaan ng Maharlika Investment Corporation na nagsusulong ng kaunlaran para sa ekonomiya ng bansa. Batay sa konteksto ng balita, walang nagbabagong kahulugan nito at ang proyektong ito ay aprubado ng Senado. Gayunman, ang kahulugan ng senado ay politika na naglalarawan sa mataas na kapulungan ng batasang Pambansa (KWF Diksyunaryo). |

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

## IV. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Batay sa ginawang pag-aaral, ang mga tayutay ay ginagamit sa maraming paraan. Nagagamit ito sa dyornalistik na pagsulat tulad ng balita bukod sa malikhaing pagsulat. Epektibong gamitin ang tayutay sa pag-uulo ng balita dahil ito ay may impak sa atensyon at damdamin ng mga mambabasa. Pinapalawak ng tayutay ang abilidad ng mga mambabasa sa paglalarawan ng balita. Tunay ngang makapangyarihan ang wika. Ang isang salita ay may higit pang pagpapakahulugan batay sa gumagamit at tumatanggap nito. Gayunman, dapat na maging maingat ang mga manunulat sa paggamit ng tayutay sa ulo ng balita upang maiwasan ang mali-maling interpretasyon sa mga impormasyon. Sa kabuoan, ang wastong paggamit ng tayutay sa ulo ng balita ay naghuhudyat ng pagiging epektibo at makabuluhan ng mga balita sa ating pang-araw-araw na pamumuhay.

Mula sa nabuong pananaliksik, iminumungkahi ng mga mananaliksik na suriin ang iba pang mga tayutay na ginamit sa ulo ng balita sa pamahayagang pangkampus na hindi pa nabanggit sa pag-aaral. Maaaring gumamit ng ibang teorya at konsepto sa pagsusuri nang mas lumawak pa ang kaalaman tungkol sa paksang ito at mas lumawig pa ang mabubuong kaugnay na pag-aaral sa susunod pang mananaliksik upang sa gayon ay hindi malilimita ang kabatiran sa tayutay na matatagpuan sa ulo ng mga balita. Maaari ding magsagawa ng diskursong pagsusuri sa mga tayutay na ginamit sa iba pang seksyon ng pamahayagang pangkampus tulad ng editoryal, lathalain, at iba pa. Maaring magkaroon ng komparatibong pagsusuri nang madagdagan pa ang kaalaman kung ano ang mga karaniwang tayutay na matatagpuan sa pamahayagang pangkampus at maaaring suriin ang implikasyon nito sa edukasyon.

## MGA PANBANGGIT

[1] Abu Dalu, A. M. & Awad, E. S. (2018). *Metaphors as relevance maximizers in Malaysian newspaper headlines.* Jordan Journal of Modern Languages and Literature, *10* (2), 95-113. t: https://www.researchgate.net/publication/331180918

[2] Afifah, N., & Irawan, A. M. (2022). *figurative language analysis used in political discussionat primetime news metro tv.* E-Journal of English Language & Literature, *12* (1), 15-22. http://ejournal.unp.ac.id/index.php/jell

[3] Agrawal, C. (2020). *Critical analysis of news headlines in print media.* A Quarterly Bilingual Peer-Reviewed Journal for Social Sciences and Humanities. 76-82. https://www.researchgate.net/publication/358426943_Critical_analysis_of_news_headlines_in_print_Media

[4] Atmaja, K. (2022). Internet analysis of figurative language in automotive advertisement slogans. Journal of Pragmatics Research, 4 (1). 18-28. DOI: https://doi.org/10.18326/jopr.v4i1.18-28

[5] Balinas, E. V., & Ibojo, D. T. (2023). *The lived experiences of the students in special program in journalism (spj): a phenomenological inquiry*. IJARIIE, *9* (4), 2317-2342.

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

https://ijariie.com/AdminUploadPdf/The_Lived_Experiences_of_the_Special_Program_in_Journalism__SPJ__Students__A_Phenomenological_Inquiry_ijariie21354.pdf

[6] Chaerunnisah, I. U. (2020). *An analysis of metonymy and metaphor in selected news articles related to sports in The Jakarta Post*. Prasasti: Journal of Linguistics, *5* (2), 153-162. https://jurnal.uns.ac.id/pjl/article/download/40094/28514

[7] Fairclough (1992). *Discourse and social change.* Polity Press.

[8] Febriyanti, N. (2024). *An analysis of connotative meaning in headline news of BBC news online.* DEIKSIS. *10* (1), 1-50. DOI:10.30998/deiksis.v10i01.2194

[9] Flores, R., & Uy, L. (2020). *Development of campus journalism instructional material: tool to enhance journalistic writing skills of campus journalists in zone iv schools division of Zambales*. 1-73. DOI: 10.22161/jhed.thesis.flores.2022

[10] Gamboa, J. N., & Cayabyab, M. (2023). *The lines of the head: An analysis of the headlines in a state university newspaper.* Technium Social Sciences Journal. *47,* 307-321. https://techniumscience.com/index.php/socialsciences/article/view/9232

[11] Hakim, M. C. (2023). *Challenges for our campus journalism*. Daily Observer. https://www.observerbd.com/news.php?id=450202

[12] Harahap, A. N., & Dirgeyasa, W. (2021). *Figures of speech on political headline: Waspada and Sinar Indonesia Baru (SIB) newspaper.* Atlantis Press, *591,* 531-535. https://www.atlantis-press.com/proceedings/aisteel-21/125962864

[13] Kasma, S., Utami, N. V., & Jayantini, G.A. (2021). *An analysis of figurative language in CNN international news headlines post on facebook.* Elysian Journal: English Literature, Linguistics and Translation Studies, *1* (3). https://e-journal.unmas.ac.id/index.php/elysian/article/view/2450/2345

[14] Manurung, R., Silalahi, D.E., Herman, & Situmorang, R. K. (2020). *An analysis of figurative language found in the Jakarta Post newspaper.* Global Science Independent Journal, *1* (1), 22-38. https://syniutajournals.com/index.php/GSIJ/article/download/165/143/467

[15] Muhammadiah, M., Wijaya, R., Irsyadi, A. N., Rusyridi, M. H., & Zarkasi. *Exploring figurative language: expressions and metaphors in sports reporting of Java Pos (Edition, June 1, 2018).* RETORIKA: Jurnal Ilmu Bahasa, *9* (2), 193-201. https://ejournal.warmadewa.ac.id/index.php/jret

*[16]* Neshkovska, S. (2023). *Markers of verbal irony in Macedonian and English newspaper headlines.* https://www.researchgate.net/publication/372282440

[17] Patrimonio, H.M., & Machutes, E. M. (2023). *Challenges experienced by campus journalists in copy reading and headline writing in selected noncentral schools in Isabela City schools division.* International Journal of Multidisciplinary Research and Publications, *5* (10), 72-78. https://ijmrap.com/wp-content/uploads/2023/03/IJMRAP-V5N9P146Y23.pdf?fbclid=IwAR0rzfQrJ-tkGo-wLDw6qdzP4JYPl1S2BBZfHwkUsM0EwxCFzewoLormflo

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved

[18] Peterlicean, A., & Berariu, E. C. (2020). *On the discourse of online sports news headlines. Acta* Universitatis Sapientiae, Philologica, *12* (3), 155-171. DOI: 10.2478/ausp-2020-0029

[19] Ramirez, S. Q. (2019). *Metaphors of victory and defeat in sports headlines in English and Spanish*. Revista de Lingüística y Lenguas Aplicadas, *14, 141-151.* https://doi.org/10.4995/rlyla.2019.9564

[20] Salliyanti, Susilo, H., & Syihab, M. (2018). *An analysis on the use of denotative and connoative meaning in the headlines of Waspada daily newspaper, Medan*. International Conference of Science, Technology, Engineering, Environmental and Ramification Researches, 1121-1124. DOI: 10.5220/0010068211211124

[21] Sari, D. R. (2019). *Discourse analysis on headline news.* Atlantis Press, *377,* 267-270. https://www.atlantis-press.com/article/125925935.pdf

[22] Sufa, D. P., Liusti, S. A., & Zulfadhli, Z et al. (Eds.). (2022). *Use of figurative language in sports news on news portals*. Indonesian Language Education Study Program. https://doi.org/10.2991/978-2-494069-85-5_3

[23] Wismanto, A. & Asropah. (2023). *News writing based on citizen journalism: Student perspectives and challenges.* Journal of Namibian Studies, *34,* 6528–6537. https://doi.org/10.59670/jns.v34i.2658

Copyright © 2024 IJAMS, All right reserved